



“Aliguyon” Ang Paghihiganting Nauwi Sa Pag-ibig
EDU PERRERAS

ALIGUYON, BUGAN at PUMBAKHAYON ng Hudhud ng Ifugao

Magsisimula sa mga pangitain ang pakikipagsapalaran ni Aliguyon na nakatira sa bayan ng Hannanga. Habang naglalaro kasama ang kanyang mga kaibigan, titilapon ang kanyang trumpo at tatamaan ang bangibang ni Amtalao, ama niya. Tinutugtog ang bangibang sa libing ng mga napatay at naputulan ng ulo sa digmaan. Ipinapaalala ng bangibang kay Aliguyon ang tradisyon ng digmaan sa pagitan nina Amtalao at Pangaiwan, kaaway nito, na kailangan niya ngayong ipagpatuloy. Labag man sa kalooban ni Dumulao, nanay niya, gagamit si Aliguyon ng isang tandang, na bibiyakin niya at titingnan ang apdo upang silipin ang tadhana niya sa digmaan. Labag man sa kalooban ni Amtalao dahil manugang at hindi kaaway ang gusto niya, tutulungan pa rin niya si Aliguyon upang magsanay sa paggamit ng sibat. Kukunsultahin ni Aliguyon ang ibon ng idao upang ituro sa kanya kung saan sila dapat pumunta upang makipagdigma. Tatawagin ni Aliguyon ang kalalakihan ng Hannanga upang samahan siya sa digmaan. Dinala sila ng idao sa ilog ng Daligdigan kung saan nakatira si Pumbakhayon, anak naman ni Pangaiwan. Nakita ni Aliguyon kung gaano kaganda ng kabukiran ng Daligdigan. Hinamon niya sa isang away si Pumbakhayon.

Hindi man naghahanap ng away, naunawaan ni Pumbakhayon na seryoso si Aliguyon na buhayin ang alitan sa pagitan nina Amtalao at Pangaiwan. Magpapaalam muna si Pumbakhayon kay Aliguyon upang maghanda sa kanilang digmaan. Kukunsultahin din muna ni Pumbakhayon ang kanyang tadhana sa pamamagitan ng isang tandang. Katulad ng nakita ni Aliguyon, naging maganda rin ang pangitain na ibinigay sa kanya ng apdo ng tandang. Tinawag din ni Pumbakhayon ang kalalakihan ng Daligdigan upang samahan siya sa digmaan. Sa paghaharap ng dalawang mandirigma pareho sila humanga sa kagitingan ng isa't isa. Napansin ni Aliguyon ang halang na daliri sa paa ni Pumbakhayon, tanda ng pagiging mahusay niyang mandirigma.

Hinikayat ni Pumbakhayon si Aliguyon na sa tuyong ilog na lamang sila maglaban at huwag sa palayan. Hindi pumayag si Aliguyon gayong pakay nga niyang sirain ang pananim ng Daligdigan. Unang sinibat ni Aliguyon si Pumbakhayon. Sinalo nito ang kanyang sibat at inihagis pabalik sa kanya. Muli niyang nasalo ang sibat niya at ibinalik kay Pumbakhayon. Sa ganitong paraan

tatakbo ang kanilang labanan, sa pamamagitan ng pagsasaluhan ng sibat ng isa't isa. Nakarating kay Dangunay, nanay ni Pumbakhayon, ang balitang pantay ang lakas at husay ng dalawang mandirigma. Sa pag-aalala ni Dangunay, pinuntahan niya ang labanan ng dalawa. Dinala niya si Bugan, ang sanggol na kapatid na babae ni Pumbakhayon. Napansin ni Aliguyon si Dangunay at Bugan at sinabi kung paano kamukha ni Dangunay ang sarili niyang nanay. Pinakiusapan ni Dangunay si Aliguyon na umuwi na muna, itigil ang laban at kakain na muna si Pumbakhayon. Pumayag naman pareho ang dalawang mandirigma at pareho nagpahinga. Nagpapahinga sila tuwing kakain at tuwing darating ang gabi. Naging ritwal sa kanila ang pakikidigma hanggang sa doon na sila lumaki at naging kaibigan na ang turing nila sa isa't isa.

Kaya nang mapansin ni Aliguyon na wala na ang ginintuang kabukiran na minsang hinangaan niya sa Daligdigan, iminungkahi niya kay Pumbakhayon na dalhin naman nila ang laban sa Hannanga. Tumagal nang isang taon at kalahati ang labanan nila sa Daligdigan. Bago pa man marating ang palayan ng Hannanga, sinalubong na ni Aliguyon si Pumbakhayon. Ngunit hindi rin niya napigilan si Pumbakhayon na sirain ang palayan ng Hannanga. Maglalaban muli sila nang isa't kalahating taon din sa Hannanga bago muling bumalik sa Daligdigan.

Nakarating kay Daulayan ng bayan ng Mumubulawan ang balitang napatay ni Aliguyon si Pumbakhayon na magiging bayaw sana niya sa isang napagkasunduang kasal. Anak siya nina Magappid, kanyang ina, at Dinuganan, kanyang ama. Nais niyang ipaghiganti si Pumbakhayon kahit pinigilan na siya ni Magappid na huwag nang maghanap ng gulo. Nang matagpuan niyang buhay na buhay pa rin si Pumbakhayon sa Daligdigan, ipakikilala ni Daulayan ang sarili bilang magiging bayaw ni Pumbakhayon, at hahangaan ang yaman ng Daligdigan. Ngunit higit na nanaisin na ngayon ni Pumbakhayon na maging bayaw niya si Aliguyon na kapantay niya ng kagitingan, lalo na nang talunin ni Aliguyon si Daulayan sa gitna ng laban at muntik nang pugutan ng ulo. Bibilhin sana ni Daulayan ang kanyang buhay kapalit ng suot niyang butil ng kuwintas bilang marangyang kadangyan ngunit hindi siya papatayin ni Aliguyon alang-alang kay Pumbakhayon na naging kaibigan na niya sa gitna ng digmaan.

Sa ganitong paraan magtatapos ang ritwal ng digmaan sa pagitan nina Aliguyon at Pumbakhayon, sa pagkilala sa kanilang pantay na lakas at husay. Tatapusin ni Pangaiwan ang kanilang alitan sa pamamagitan ng paghati ng banga ng alak at nganga nang pantay sa dalawang mandirigma. Bilang pagpapatag ng pagtatapos ng digmaan, pakakasalan ni Aliguyon si Bugan, kapatid ni Pumbakhayon, na dalaga na ngayon sa tagal nila sa digmaan. Ngunit

kahit matagal na silang magkakilala, mamamanhikan pa rin si Aliguyon sa pamamagitan ng pagsisibak ng panggatong. Dadalhin ni Aliguyon si Bugan sa Hannanga. Susunod sa kanya si Pumbakhayon upang tiyakin ang kalagayan ng kanyang kapatid na babae. Aalagaan naman ni Aliguyon si Bugan nang buong suyo, bibigyan ng mga alahas at maayos na tulugan at paliguan. Magdadasal si Pumbakhayon para sa magandang kinabukasan ng mag-asawa sa pamamagitan ng muling pagkunsulta sa tandang na bibiyakin niya at titingnan ang apdo. Aawit din siya at aanyayahan ang mga babae sa Hannanga. Dito niya makikita si Aginaya, kasama ng mga kababaihan ng Hannanga, na gaganti rin ng isang awit ng pag-ibig kay Pumbakhayon. Pakakasalan din ni Pumbakhayon si Aginaya, kapatid ni Aliguyon, at iuuwi sa Daligidigan.

Sanggunian:

Hinayup Bantayan, tagapag-awit. “Aliguyon: Isang *hudhud* ng mga Ifugao.” Itinala ni Pio Abul at isinalin ni Josefina T. Mariano. Sa *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Epiko ng Pilipinas*. Pinamatnugutan nina Jovita Ventura Castro, et al. Quezon City: Komite ng Kultura at Kabatiran ng ASEAN, 1984.